




Dalawang linggo bago natin ipagdiwang ang Pasko ng Pagkabuhay ng ating Panginoon, inilalahad ng liturhiya ng Simbahan ang “oras ng luwalhati” ni Hesukristo. Isa itong oras na natural niyang kinagugulumihan bilang isang *deadline* o taning, ngunit nagdudulot din sa kanya, sa maka-Diyos na paraan, ng mas masidhing pagtitiwala sa Amang nagsugo sa kanya. Sa kabuuan ng pagbasa sa Ebanghelyo (Jn 12:20-33), tila isang di-matakasang pagtatapos ng buhay itong hula ni Hesus na “oras ng luwalhati” sa halip na isang malayang pagpapasiya ni Hesus na naka-ugat sa kanyang ugnayan sa Diyos. Ngunit ipinakikita ng nga tema ng pag-aalay, ng pagkaalagad at paglilingkod, at ng katiyakan ng pagluluwalhati mula sa kaitaasan, na isang buhay kung saan hindi maihiwalay ang kalayaa’t pananampalataya ang mismong buong buhay ni Hesus.

Ngunit ano bang ibig sabihin ng luwalhating ito? Pansarili ba itong kasikatan o pag-alaalang nagtataguyod kay Hesus bilang pinakamasunurin at pinakamapagtiwalang alagad ng Diyos? Isa ba itong kaluwalhatiang nagbibigay-liwanag sa isang makamundong adbokasiya o pakikibaka? Isa ba itong pangangatwiran sa pakikiaalam ng Maykapal sa kasaysaysan ng sangkatauhan? Bigong mapahalagahan ng ganitong pakahulugan sa luwalhati ang katotohanang ang Diyos ay pag-ibig (1 Jn 4:8). Ang kanyang paghahari at kapangyarihan ay bunga lamang ng pagmamahal niyang ito. Lahat ng nasa sanlibutan ay sa Kanya: ang sangnilikha, ang kanyang pagkilos sa loob ng ating kasaysayan, ang kanyang balak na iligtas tayo. Bagamat



SI HESUS ANG KALUWALHATIAN NG DIYOS

by Ivan Olitoquit

kinikilala ng mga Hudyo ang pag-aaring ito, ipinakikita ng kanilang pagtanggap sa mensahe ni Hesus na hindi nila matanggap na hindi nila pagmamay-ari ang Diyos, kahit pa sila ang Bayang Pinili. Hindi nila matanggap na nagpadala ang Diyos ng Anak hindi para sa pansariling kapakanan (at samakatuwid, hindi rin para sa kaluwalhatian ng Israel lamang),

kundi upang makabahagi ang lahat sa paghahari—at pag-aari—ni Yawe: liwanag, katotohanan, kapunuan, kahulugan, katarungan.

At hindi lamang mga Hudyo ang nagkakamali dito. Ipinagmamalaki rin nating mga Kristiyano ang ating pagtanggap sa pahayag ni Hesukristo. Ngunit naibabahagi ba natin, sa pamamagitan ng wastong pamumuhay, ang kaluwalhatian ng Diyos? Nag-iisip ba tayo ng mga bagay na kalugod-lugod sa Diyos na siyang nakaalam kahit pa ng ating pinakatagutagong sikreto? Naglalahad ba ng pag-ibig o kabutihan ang ating pananalita? Patunay ba sa pananampalatayang Kristiyano ang ating ikinikilos? Kung “Hindi” ang sagot natin sa mga tanong na ito, nabigo tayong magpasakop sa Diyos. Sa espiritwal nating paglalakbay ngayong Kuwaresma, atin sanang suriin ang sarili: Gusto ba talaga nating makabahagi sa ningning ng Diyos?

Ayon sa Heswitantang si Donatien Mollat, “Buong-buong natatampok ang kaluwalhatian ng Diyos kay Hesus. (*The glory of God is entirely present in Him [i.e. Jesus]*)” Hindi lamang nagbakasakali ang Diyos na mapansin ng tanan ang kanyang kaluwalhatian. Sa kanyang lubos na pagmamahal sa atin, ipinadala niya ang kanyang Anak, puno ng kaluwalhatian, upang hindi lang natin makilala ang isang malayo at pahapyaw na sugo kundi upang ating makapiling siyang Liwanag na ibubunyag ang lahat. Kung wala si Hesus, kahit ang Diyos ay isang malabong konsepto lamang: walang pagkasarili o kalayaan. Mahirap bang paniwalaan ito? Mga Hudyo ma’y nahirapan, kaya si Hesus ay kanilang tinalikuran.

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok

(Slm 43:1-2)

(Basahin kung walang pambungad na awit.)

Ako ay iyong hukuman, pabulaanan ang sakdal ng may masamang paratang, D'yos ko, tanging ikaw lamang ang lakas ko at tanggulan.

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus.)

P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin.

Paunang Salita

(Maaaring basahin ito o isang katulad na pahayag.)

P – Sa ating ebanghelyo, lumapit ang ilang mga Griyego kay Felipe at nakiusap, “Ibig naming makita si Hesus.” Ito ang hangarin ng bawat Kristiyano lalung-lalo na ngayong panahon ng Kuwaresma. Bilang tugon sa hangarin nating ito, inihahayag ni Hesus ang tungkol sa “oras” ng kanyang kaluwalhatian tumutukoy sa kanyang kamatayan at muling pagkabuhay. Naipahayag ang kaluwalhatian ni Hesus, hindi lamang sa kanyang muling pagkabuhay, kundi sa kanyang pagpapakasakit.

Pagsisisi

P – Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo’y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang. (Tumahimik)

B – Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala (dadagok sa dibib) sa isip, sa salita, sa gawa, at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako’y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen.

P – Panginoon, kaawaan mo kami.

B – Panginoon, kaawaan mo kami.

P – Kristo, kaawaan mo kami.

B – Kristo, kaawaan mo kami.

P – Panginoon, kaawaan mo kami.

B – Panginoon, kaawaan mo kami.

(Walang Gloria sa panahon ng Kuwaresma.)

Pambungad na Panalangin

P – Manalangin tayo. (Tumahimik)

Ama naming makapangyarihan, alang-alang sa dakilang pag-ibig ng iyong Anak na siyang nagbunsod upang mahaliniya ang lahat anupa’t kusa niyang inako ang mamatay para sa sanlibutan, kami nawa’y masigasig na tumahak sa kanyang dinaanan sa iyong pag-akay at sa kanyang pamamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa (Jer 31:31-34)

(Umupo)

Matapos ang sunud-sunod na pagbali ng Israel sa kanyang tipan sa Panginoon, ipina-hayag ni Jeremias na mismong Diyos ang gagawa ng paraan upang iligtas ang kanyang bayan.

Pagbasa mula sa aklat ni propeta Jeremias

SINASABI ng Panginoon, “Darating ang panahon na gagawa ako ng bagong pakikipagtipan sa Israel at sa Juda. Ito’y di gaya ng tipang ginawa ko sa kanilang mga ninuno, nang ilabas ko sila sa Egipto. Bagamat sumira sila sa kasunduan namin, nagtiyaga ako sa kanila. Ganito ang gagawin kong tipan sa Israel: Itanim ko sa kanilang kalooban ang aking kautusan; isusulat ko sa kanilang mga puso. Ako’y magiging kanilang Diyos at sila ang magiging bayan ko. Hindi na nila kailangang turuan ang isa’t isa upang makilala ang Panginoon; lahat sila, dakila’t hamak ay makakakilala sa akin, sapagkat patatawarin ko sila sa kanilang maling gawain at hindi ko na gugunitain pa ang kanilang kasalanan.”


— Ang Salita ng Diyos.

B – Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 50)

T – D’yos ko, sa aki’y likhain tapat na puso’t loobin.

Amante



Fm C
 D'yos ko, sa a-ki'y lik-
 3 Fm B b m Fm
 ha-in ta-pat na pu-so't
 5 C C7 Fm
 lo-o-bin.

1. Ako’y kaawaan, O mahal kong Diyos,/ sang-ayon sa iyong kagandahang-loob;/ mga kasalanan ko’y iyong pawiin,/ ayon din sa iyong pag-ibig sa akin!/ Linisin mo sana ang aking karumihan/ at ipatawad mo yaring kasalanan! (**T**)

2. Isang pusong tapat sa aki’y likhain,/ bigyan mo, O Diyos, ng bagong damdamin./ Sa iyong harapa’y h’wag akong alisin;/ ang Espiritu mo ang papaghariin. (**T**)

3. Ang galak na dulot ng’yong pagliligtas,/ ibalik at ako ay gawin mong tapat./ Kung magkagayon na, aking tuturuang/ sa iyo lumapit ang makasalanan. (**T**)

Ikalawang Pagbasa (Heb 5:7-9)

Lubos na naisakatuparan ni Hesus ang pagsunod sa Ama sa pamamagitan ng pagpapakasakit. Sa paraang ito, siya ang naging bukal ng ating kaligtasan.

Pagbasa mula sa sulat sa mga Hebreo

MGA KAPATID: Noong si Hesus ay namumuhay rito sa lupa, siya’y dumalangin at lumuluhang sumamo sa Diyos na makapagliligtas sa kanya sa kamatayan. At dininig siya dahil sa lubusan siyang nagpakumbaba. Bagamat siya’y Anak ng Diyos, natutuhan niya ang tunay na kahulugan ng pagsunod sa pamamagitan ng pagtitiis. At nang maganap na niya ito, siya’y naging walang hanggang Tagapagliligtas ng lahat ng sumusunod sa kanya.

— Ang Salita ng Diyos.

B – Salamat sa Diyos.

Awit-Pambungad (Jn 12:26)
(Tumayo)

B – Ang sinumang naglilingkod upang sa aki’y sumunod ay tunay na itatampok sa kaligayahang lubos ng mahal na Anak kong D’yos.

Mabuting Balita (Jn 12:20–33)

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
B – Papuri sa iyo, Panginoon.

NOONG panahong iyon: Kabilang ang ilang Griego sa mga pumunta sa pista upang sumamba. Lumapit sila kay Felipe na taga-Betsaida, Galilea, at nakiusap, “Ginoo, ibig po naming makita si Hesus.” Sinabi ito ni Felipe kay Andres, at silang dalawa’y lumapit kay Hesus at ipinaalam ang kahilingan ng mga iyon. Sinabi ni Hesus, “Dumating na ang oras upang parangalan ang Anak ng Tao. Tandaan ninyo: malibang mahulog sa lupa ang butil ng trigo at mamatay, mananatili itong nag-iisa. Ngunit kung mamatay, ito’y mamumunga nang marami. Ang taong labis na nagpapahalaga sa kanyang buhay ay siyang mawawalan nito, ngunit ang napopoot sa kanyang buhay sa daigdig na ito ay siyang magkakaroon nito hanggang sa buhay na walang hanggan. Dapat sumunod sa akin ang naglilingkod sa akin, at saanman ako naroroon ay naroon din ang aking lingkod. Pararangalan ng Ama ang sinumang naglilingkod sa akin.”

“Ngayon, ako’y nababagabag. Sasabihin ko ba, ‘Ama, iligtas mo ako sa kahirapang daranasin ko?’ Hindi! Sapagkat ito ang dahilan kung bakit ako naparito—upang dasin ang kahirapang ito. Ama, parangalan mo ang iyong pangalan.” Isang tinig mula sa langit ang nagsabi, “Pinarangalan ko na ito, at muli kong pararangalan.” Narinig ito ng mga taong naroon at ang sabi nila, “Kumulog!” Sabi naman ng iba, “Nagsalita sa kanya ang isang anghel!” Sinabi ni Hesus, “Ipinarinig ang tinig na ito dahil sa inyo, hindi dahil

sa akin. “Panahon na upang hatulan ang sanlibutan. Itataboy ngayon sa labas ang pinuno ng sanlibu- tang ito. At kung ako’y maitaas na, ilalapit ko sa akin ang lahat ng tao.” Sinabi niya ito upang ipakilala kung paano siya mamamatay.

— Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (Umupo)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (Tumayo)

P- Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P – Manalangin tayo sa ating Amang nasa langit upang tulungan tayong makatulad sa kanyang Anak na si Hesus na nagmahal sa mundo at nag-alay ng buhay para sa ating kaligtasan. Buong pagtitiwala tayong manalangin:

T – Ama, dinggin mo ang iyong bayan.

L – Makita nawa kay Santo Papa Francisco, mga obispo, mga pari, at mga relihiyoso ang kanilang pag-aalay ng sarili upang patuloy na magbigay papuri sa Diyos at magsikap sumunod sa kanilang magandang halimbawa.

Manalangin tayo: **(T)**

L – Isulong nawa ng mga opisyal ng pamahalaan ang mga hakbang tungo sa kapayapaan at ikauunlad ng sambayanan, lalung-lalo na ang mga para sa mga mahihirap na mga mamamayan. Manalangin tayo: **(T)**

L – Pakinggan nawa namin ang hamon ni Hesukristo tungo sa pagiging bukas-palad at mapag-patawad sa aming mga kapwa habang nakatuon sa landas ng pagbabagong- buhay. Manalangin tayo: **(T)**

L - Tanggapin nawa sa kaluwal-hatian ng langit ang aming mga mahal sa buhay na pumanaw na mula sa daigdig na ito, pati na rin ang mga walang nakakaalaala. Manalangin tayo: **(T)**

L – Sa ilang sandali ng katahimikan, ating ipanalangin ang iba pang mga pangangailangan ng ating pamayanan pati na rin ang ating pansariling kahilingan *(Tumahimik)*. Manalangin tayo: **(T)**

P – Ama naming nasa langit, ding- gin mo ang panalangin ng iyong sambayanan. Tulungan mo kaming maging mapagkalinga sa aming mga kapwa upang kami ay maging karapat-dapat sa kaloob mong buhay na walang hangan.

Hinihiling namin ito sa ngalan ni Kristong aming Panginoon.

B – Amen.



Paghahain ng Alay (Tumayo)

P – Manalangin kayo...

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, kami’y dumadalanging ang mga pinapag-saloob mo ng mga nilalaman ng pananampalatayang Kristiyano ay iyong gawing dalisay pakundangan sa ipinagdiriwang ng paghahaing ito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen.

Prepasyo (Kuwaresma II)

P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin.

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B – Itinaas na namin sa Panginoon.

P – Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

B – Marapat na siya ay pasalamat.

P – Ama naming makapang-yarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sa pagbabakasakali mong kami'y bubuti, isinugo mo si Hesukristo upang pangunahan kami. Bilang pagsunod sa iyong atas na bigay, ipinahayag ng iyong Anak ang iyong kalooban na ang mga api't dukha ay kanyang damayan. Ngayon ay iyong inihahandog ang pagkakataong aming maisalob ang kanyang ganap at kusang paglilingkod upang sa iyo'y lagi kaming makasunod.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo! Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo! Osana sa kaitaasan! Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon! Osana sa Kaitaasan! (Lumuhod)

Pagbubunyi (Tumayo)

B – Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B – Ama namin...

P – Hinihiling naming...

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

P – Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo



SAMBUHAY MISSION APPEAL

Be a mission partner for Sambuhay!



Sambuhay Missalette and Sambuhay TV now offer you a chance to reach its nearly a million readers and viewers. We share our "sacred space" for

- Vocation promotions
- Invitations from Catholic communities and other groups
- Announcements for special programs and activities
- Local and international pilgrimages
- Other church and faith-based matters

MEDIUM	DURATION	AD RATE
Sambuhay Sunday Missalette (English or Filipino)	1 SUNDAY	P 4,000
Sambuhay Sunday Missalette (Hiligaynon)	1 SUNDAY	P 1,500
Sambuhay First Friday	1 FRIDAY	P 2,000
Sambuhay Sunday Missalette (English or Filipino)	8 SUNDAYS (2 months)	P 25,000
Sambuhay TV	1 EPISODE	P 5,000

Contact details

88959701 to 04 loc. 607
88953416

sambuhay.missalette@gmail.com
marketing@stpauls.ph

Facebook.com/sambuhaymissalettePH
Facebook.com/sambuhay.missalette

ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyong
(Jn 12:24-25)

Butil na hindi mamatay sa lupang pinaghasikan ay palaging isa lamang, pag namatay uusbungang ng ibang butil sa uhay.

Panalangin Pagkapakinabang
(Tumayo)

P – Manalangin tayo. (Tumahimik)

Ama naming mapagmahal, kaming nakikinabang sa Katawan at Dugo ng iyong Anak ay mapabilang nawang lagi sa mga kaanib niya na namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen.

PAGTATAPOS

P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P – Yumuko kayo't hingin ang biyaya ng Diyos. (Tumahimik)

Ang Diyos Amang maawain na nagkaloob sa inyo ng Anak niyang nagpakasakit bilang huwaran ng pag-ibig ay siya nawang magbasbas sa inyong lahat pakundangan sa paglilingkod ninyo sa kanya at sa kapwa ngayon at magpasawalang hanggan.

B – Amen.

P – Pakundangan sa kanyang kamatayan upang kayo'y huwag dumanas ng walang katapusang pagkamatay makamtan nawa ninyo ang buhay na walang hanggan.

B – Amen.

P – Pakundangan sa pagpapakumbaba niya para sa inyong kapakanan kayo nawa'y makasalo sa kanyang muling pagkabuhay ngayon at magpasawalang hanggan.

B – Amen.

P – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (+) at Espiritu Santo.

B – Amen.

Pangwakas

P – Tapos na ang Banal na Misa. Humayo kayong taglay ang kapayapaan upang ang Panginoon ay mahal in ating paglilingkod.

B – Salamat sa Diyos.

SOCIETY OF ST PAUL

Live Jesus. Give Jesus!

If you are Grade 12 student, a college student, or a young professional—male, single, and aspiring to become a priest or a brother involved in the apostolate of social communication—we invite you to journey or search with us.

Contact us:

THE VOCATION DIRECTOR

(02) 8895-9701 loc 109;
09158420546; 09288766182;
vocation@ssp.ph